

# 1

Isang magarbong church wedding ceremony ang kasalukuyang nagaganap sa isang chapel sa Mandaluyong nang dumating doon si August. Dere-derecho siya sa kinauupuan ng ilan niyang mga kaibigan. Panay pa ang ensayo ng choir habang hinihintay ang hudyat ng simula ng seremonyas. Namataan ni August ang kilalang groom mula sa dikalayuan, hindi mapakali. At bakit hindi?

Nakabuntis ito at the age of twenty kaya may nagaganap na kasalan. Napangiwi siya at napabuntong-hininga nang makapuwesto sa umpukan ng mga kaibigan.

Kasal. Hindi niya masyadong inaalala ang sarili pagdating sa ganitong bagay. Bata pa rin siya kung tutuusin sa edad na beinte-ocho. Masyado siyang abala sa trabaho para isipin iyon. Napangiti siya.

Naalala niya ang cellphone. Nakalimutan niya pihado sa kanyang sasakyan. Nagpaalam siya kay Art na may kukunin lang sa kotse bago lumabas ng simbahan.

May ilang bisita rin siyang nakasalubong at

bumati ang mga ito sa kanya. Who wouldn't know him anyway? Lahat silang magkakaibigan ay kilalang-kilala sa society pages. Magazines would tackle their riches, success and other stuff na kung minsan ay masyado nang superficial.

Kabubukas pa lang ni August sa pinto ng kanyang kotse nang may lumang *Wrangler* jeep na kulay yellow with black tinted glass na pumarada sa di-kalayuan. Napangiti siya just by the sight of the stud-looking jeep. Pero napalis ang ngiti niyang iyon nang bumaba mula sa sasakyan ang may-ari. Natigilan si August sa nakitang anyo ng dalaga.

She was fairly tall, 5'5 probably. Matangkad, maganda ang hubog ng katawan. Lihim na pinuri ito ni August. Nakatalikod ito sa kanya ngayon. Her back was scenic, he must admit. Animo'y modelo ito ng kung anong healthy drink. Humarap ito at lumakad palapit sa kanya.

“Excuse me, ito ba iyong kasalang Mendoza-Farrales?” tanong nito. It was a rough tone, na para bang pulis itong nag-i-interrogate.

Hindi man lang siya nito tinapunan ng tingin. Palinga-linga ito sa paligid na parang may hinahanap, completely ignoring him. Nakaramdam tuloy siya ng inis sa ginagawa nitong pambabalewala sa kanya.

Tumikhim siya.

“Yeah. Pero parang hindi mo ’ata alam ang motif ng kasalang ’to. Maaagawan mo pa ng spotlight ang bride sa suot mo,” sagot niya habang pinapasadahan ng tingin ang dalaga from head to foot.

Suot nito ang isang sexy white racer back top at tight faded blue jeans. Nakapailalim sa hanggang tuhod nitong black boots ang dulo ng pantalon, giving her the cowgirl look best suited for girls like her who had sun-kissed skin. Napalingon sa kanya ang babae na salubong ang mga kilay. Nawala iyon nang magtama ang mga mata nila.

---

Kung good mood lang si Elizabeth, she could have given this guy her sweetest smile. Napakaguwapo nito kahit na nga ba nakakunot ang noo habang pinapasadahan siya ng tingin. And his sexy voice was boldly expressing sarcasm. Ang mamula-mula nitong balat at maliliit na mga mata ay nagpapahiwatig lamang na he was probably Japanese o Chinese. And he was tall, six-footer yata. Bagay na bagay rito ang asul na long-sleeved polo at dark blue striped necktie. But what caught her attention was his gorgeous face, artistahin. Para itong modelo, or a foreign celebrity. Natigilan siya. Hindi iyon ang tamang panahon para

ma-distract ng guwapong mukha. Kailangan niyang harapin si Francis before he could spill out his vows. Taas-noo niyang nilampasan ang kausap.

“Kung maagaw ko man ang atensyon ng lahat, well, wala akong magagawa. Talent iyon.”

Tigagal na naiwan ang lalaki sa kinatatayuan nito habang nagmamadaling pumasok sa loob ng simbahan si Eli. Ramdam niyang hatid siya nito ng tingin hanggang sa gitna ng aisle.

Sa wakas ay natagpuan din ni Eli ang groom. Nag-iisa ito sa isang tabi at halatang tensyonado. Nalingunan siya nito at tarantang tatakbo sana kung di niya nahablot ang damit nito.

Hinintay niya ang sasabihin ng lalaking ikakasal ngunit pamumutla lang ng mukha ang nakuha niyang reaksiyon. Mabuti na lang at hindi pa nagsisimula ang kasal kaya wala masyadong nakakita nang kuwelyuhan niya ito. Napasinghap ito sa pagkabigla.

“Simula sa araw na ito, huwag mo nang lalapitan si Sophie,” Eli hissed.

Nagsalubong ang mga tingin nila ng nahintakutang lalaki.

“Ate Eli, I’m sorry,” naiiyak na sabi nito. Napailing

*The Perfect Alibi - Emma Scarlett*

---

siya. Binitawan niya ang kurbata ng groom and stared at him intently. Nakontento na siya sa reaksyong iyon mula sa dating boyfriend ng kapatid na si Sophie. Nalulungkot siya para rito pero wala na siyang magagawa. Nagdesisyon siyang umalis na.

May nakita si Eli na dalawang lalaki. Hindi niya tiyak kung haharangan siya ng mga ito sa pag-alis but still she continued walking. Nakita niya ang pagkamaang ng mga ito nang makalapit siya. Isa sa mga iyon ang nakita niya sa labas kanina.

She walked confidently without looking back hanggang marating niya ang sasakyan. Nanginginig pa rin siya sa ginawa. Nevertheless she felt quite satisfied.

## 2

*De Vera Law Firm...*

August loosened his tie in relief at pasalampak na naupo sa kanyang trono. Kalahating araw pa lang siyang nagtatrabaho pero dama na niya ang pagod. Napapikit siya sandali. Ipinatong niya ang mga paa sa desk at minasahe ang sentido. He was now convinced he needed some rest.

Mula nang pumasa siya at nag-top three sa *Bar Exam*, hindi na siya tinantanan ng mga kliyenteng gustong sumubok sa kanyang kakayahan.

“Gusty, ’you okay?” tila nag-aalalang tanong ni Art.

He forced a smile and nodded. Sa sobrang pagod niya, hindi man lang niya napansin ang pagpasok ng kaibigan. Ilang minuto ba siyang nakaidlip? He found a worried face before him.

“Ayos lang, Pare. For now, I guess”. Sinundan niya iyon ng mahinang tawa.

He somehow heard Art held out a sigh. Tinapik nito ang kanyang balikat.

“How are you and Camila doing by the way?”

Napangiwi si August nang banggitin nito ang kanyang girlfriend.

“Please...” palatak niya.

“Then think of ways to get rid of her bago niya maisipang pikutin ka,” ani Art.

August sighed. Possible iyon.

He started dating Camila when they were introduced by a common friend sa isang social gathering. Kailangan niyang um-attend bilang proxy ng ama na noon ay tinatamad dumalo. Maganda, matangkad at mestiza. Just his type. Sa unang linggo nila, Camila seemed fine. Plus she was great in bed. At dahil doon, minsan na niyang naisip na baka si Camila na nga ang ihaharap niya sa altar regardless of the fact na wala siyang pagmamahal dito. He just lusted after her body. Para sa kanya, sapat na iyon para magsama ang isang lalaki at babae. Kapag pareho silang nagnanasa sa isa’t isa. Pero naiba ang impresyon niya sa babae nang magsimula itong siraan ang mga ex niya at ipinagkalat pang he was madly in love with her.

Nang maalala ang mga bali-balitang iyon, umasim ang expression ni August.

He was really disgusted with her. Alam niya ang kalibre ni Camila at ngayon sigurado na siyang hindi ito ang gugustuhin niyang makasama habang-buhay. Well, years ago minsan na rin niyang naisip iyon para sa isang babae. But then that girl broke his heart. Kaya naman ngayon, hirap na siyang maka-appreciate ng babae. All he saw were their faces and curves. Iyon lang. But as his mind wandered sa opinion niya sa mga babae, isang mukha ang biglang bumulaga sa isipan niya. A pretty face na nakita na niyang minsan sa kasal ni Francis.

Napangiti siya. Tahimik lang si Art ngunit sigurado siyang ipinagtaka nito ang pagngiti niya. Lalo lang lumapad ang ngiti ni August.

---

“What do you mean, we can’t buy back the house?” natitilihang tanong ni Eli sa kapatid na si Ria.

Nasa lanai sila ng apartment na nirentahan nilang magkakapatid. Pareho silang may hawak na can ng beer habang pinagmamasdan ang katapat na kalsadang puno ng mga taong dumadaan.

“Mahihirapan tayo sa pagkumbinsi sa taong nakabili ng ancestral house nila Papa,” sagot ni Ria.

“Give me the name. Kakausapin ko,” mariing sabi



ni Eli na seryosong hinarap ang kapatid.

Napabuntong-hininga si Ria. Inilapag nito ang inumin at itinaas ang mga paa upang yakapin ang mga binti. Alam na alam na nito ang sasabihin ng kapatid.

“August de Vera. He happens to be my boss.”

“Good! Set me an appointment at ako na mismo ang mag-e-explain sa kanya,” masiglang sabi ni Eli, pinal na pinal ang desisyon nito.

“Sige, pero binabalaan kita, Ate. Ihanda mo iyang sarili mo, baka mautal ka kapag kaharap mo na si Boss,” ani Ria, nakangisi.

Naiba tuloy ang takbo ng usapan, gumaan. Napalabi si Eli sa biglang kambyo ng kapatid.

“Bakit naman?”

“Basta.”

---

Biyernes ng hapon nang mapagpasyahan niyang dumaan muna sa construction site bago tunguhin ang opisina ng kapatid na si Ria. Ngayon ang scheduled meeting niya with Mr. De Vera, ang taong nakabili ng dating bahay nila. At sa payo na rin ng kapatid,

pinili niyang magbihis pormal para maging kagalang-galang. Gustung-gusto niyang ikonsidera nito ang request niya. At isa lang ito sa mga dapat niyang gawin para maisakatuparan ang ipinangako sa mga kapatid. Suot niya ang puting long sleeve polo under a black blazer at highwaist na itim na paldang hapit na hapit sa kanyang legs. Bilad na bilad pa sa mga mata ng lahat ang ipinagmamalaki niyang makinis na mga binti na kahit ilang beses na niyang pinagod sa kaaakyat-panaog sa building ay di pa rin tinutubuan ng muscles. She looked formal na para bang a-attend ng PTA meeting with her hair fixed neatly in a ponytail. Dahil sa magandang genes na pamana ng ama at ina, hindi na kinailangan pang mag-exert ng effort ni Eli para mag-makeup. Kaunting apply lang ng blush on, lipstick at mascara, lutang na lutang na ang angking ganda ng dalaga.

All she had to do was smile.

---

Nagulat si August nang malaman na magkapatid pala ang isa sa mga abogado niya at ang babaeng dumating sa kasal ng isa nilang kakilala. Sa kaibigan pa niya nalaman. Kinumpirma pa niya nang dumating ang kapatid kanina upang ipag-set ng meeting si Elizabeth Cortez. A very lovely name for a confident

woman like her. Muli niya tuloy naalala ang babae. Ngunit hindi niya maiwasang magtaka sa dahilan ng pakikipagkita nito sa kanya. Nagtanong na siya kay Ria ngunit hindi siya kumbinsido sa isinagot nito. There must be a catch.

“S-Sir, nandito na po si Miss Cortez. Papapasukin ko na po ba?” alangang bungad ng sekretarya sa intercom.

“Give me three minutes.”

Hindi maiwasan ni August ang mapangiti. Naalala niya ang mga kaibigan na buong araw siyang inistorbo para lang balitaan niya sa magiging meeting nila ng babae. Isa sa mga ito ang may matinding crush kay Elizabeth.

*Idiots*, he thought, sabay sandal ng ulo niya sa swivel chair.

Saglit niyang ipinikit ang mga mata upang ipahinga ang mga iyon. Kulang siya sa tulog kagabi dahil sa surprise visit ng isa sa mga flings niya all the way from Canada.

Muli siyang nangiti. Good times.

Isang katok sa pinto ang nagpagising sa ulirat ni August. He nearly dozed off! Nakita niya sa labas ang

nagsa-sign language na sekretarya. Ipinapaalam nito sa kanya na dumating na ang kanina pa hinihintay ng mga kaibigan. Dali-dali niyang inayos ang sarili. He ran his fingers through his hair at inayos ang puwesto ng eyeglasses na nakasabit sa ilong niya bago sumenyas na papasukin ang bisita.

---

Humugot muna ng malalim na hininga si Eli bago tuluyang buksan ang pinto ng opisina ng amo ni Ria. Umasa siya and was convinced sa positive vibes na hatid ng mga taong nakausap niya ngayong araw. She was vibrant as she turned to face Attorney August De Vera.

But her expectations did not meet what she was seeing right before her eyes. Napalis ang ngiti niya nang makita ang batang-batang abogado na tila stressed na nakaupo sa trono nito, minamasaha pa ang sentido. Ni hindi man lang siya nito tiningnan pagpasok niya.

“Good aft—”

“Nagulat ako n’ung ipaalam sa akin ng kapatid mo that you wanted to talk to me regarding some matters. Let’s not waste both our time, Miss Cortez. May meeting pa ako after this and I’m sure as hell

you are busy as well with your projects. Have a seat,” malamig na bungad nito.

Iminuwestra nito ang kaharap na upuan. Ni hindi man lang ito nag-angat ng mukha. Magkagayunman ay hindi pa rin iyon naging hadlang upang mapuna ni Elizabeth ang prominent features ng mukha nito.

Napalunok nang wala sa oras si Eli sa kalamigan ng boses ng lalaki and maybe because of the distraction the guy had been giving her mula nang pumasok siya. Siya man ay nagulat sa nakita. Hindi niya lubos maisip na muli niya itong makakaharap. Ito ang lalaking napagtanungan niya noong kasal ng ex ng kapatid niya!

The man with the gorgeous face and so far the sexiest guy in his formal suit was sitting before her, abalang nagtatrabaho. Umarko ang kilay niya sa napansin. Parang bumabalik lang sa kanya iyong ginawa niya rito when they first met. He was completely ignoring her!

Napatikhim siya, siniguro niyang she wouldn't sound gibberish kapag nagsasalita na. Mahirap na. Kahit pa nga feeling niya ang supla-suplado ng kaharap, she had to exert more effort. Umupo muna siya bago inihanda ang sarili sa usapan. Napalunok muna siya bago ibinuka ang bibig upang magsalita.

“All right. This won’t be long. It’s about the property that you bought in Antipolo. *Villa Isabelle*, I hope it rings a bell.” She did her best not to sound tensed pero rinig pa rin niya ang sariling parang natataranta.

That was when she saw him pause and lift his face toward her. Natigilan siya nang magsalubong ang tingin nila nito. His empty, dark eyes were pinned on her emotionlessly. Kumbinsido siyang may bumalatay na satisfaction sa mukha nito nang hagurin siya ng tingin. Kung ibang lalaki siguro ang gagawa niyon, malamang nasuntok na niya. Pero iba ang tingin ng lalaking nasa harapan niya.

She did the same. Pinagmasdan niya ang maaliwalas nitong mukha. Isali pa ang nagyayabang nitong ilong that looked as if it was molded to perfection. Kung tititigan pang mabuti, he resembled the baby-faced Japanese actor na idol na idol ni Sophie.

For a guy to still look gorgeous despite heavy stress, this man was stunning. Ito ang pinakaunang beses na nakakita si Eli ng magandang lalaki, literal na maganda! Mas mukha itong artista kaysa respetadong abogado!

“Enjoying the view, Miss Cortez?”

Muntik nang mapatili si Eli nang ilapit ng kaharap ang mukha sa kanya habang ine-enjoy niya ang pagdedetalye sa anyo nito. His ice cold voice instantly woke her up from her daydreaming. Napipilan siya, nag-evaporate ang kumpiyansa sa sarili. Na-intimidate siya sa klase ng tingin nito at nataranta dahil sa kabang naramdaman niya when his eyes met hers kaya siya natameme. Ang tanging alam niya ay nagsimulang kumalabog ang puso niya nang magtama ang mga mata nila. Galit lang siya noong una silang magkita kaya nagawa pa niyang balewalain ang charisma nito. But now? She was completely captivated!

*“Sige, pero binabalaan kita, Ate. Ihanda mo iyang sarili mo, baka mautal ka kapag kaharap mo na si Boss.”*

Muli niyang narinig sa isipan ang mga salitang iyon ni Ria. Hindi lang utal ang nangyayari, she couldn't even speak a word!

*“What about Villa Isabelle?”* walang kabuhay-buhay nitong tanong na muling ibinaling ang tingin sa mga papeles na hawak nito. Even the way he handled the documents with his big hands was charismatic.

Napakagat-labi si Eli sa reaksyon ng lalaki. Kailangan niyang sumeryoso kung gusto niyang

*The Perfect Alibi - Emma Scarlett*

---

may mapuntahan ang usapang iyon. Pero paano siya makakapag-concentrate sa takbo ng usapan nila kung heto nga't mukha pa lang ng kaharap niya, super distracted na ang utak niya.



# 3

“W-we o-owned *Villa Isabelle* bago iyon napunta sa bangkong pinagbilhan mo. Naisanla ’yon ng parents ko n’ung ma-bankrupt ang kompanya namin. Pero hindi namin agad nabawi kaya nailit. And now that we’ve finally saved up money, balak sana naming magkakapatid na bilhin sa ’yo iyong bahay.” Ang kabadong boses ni Eli ay umasang tatanggapin ni August ang pabor na hinihingi nito.

Kumuha ng pen si August and pounded it playfully sa memo pad niya. Pinigilan niya ang sariling huwag mapaligon sa babae. Ewan, hindi niya ma-explain but there was something in her na para bang ayaw na niyang makita ulit. Bakit? Dahil nakakaadik ito na kapag nakita the third time around, you just couldn’t get enough. Naintindihan na rin niya sa wakas ang gustong sabihin ng mga kaibigan niya tungkol sa babae. She was an exceptional beauty; there was no doubt about it. And there was the fact na parang hindi nito alintana kung gaano ito kaganda.

“How much are you willing to pay for the property, Miss Cortez?”

Nakita niya ang pagliwanag ng anyo ni Eli nang

marinig iyon.

“Of course we will pay you the exact amount you rendered sa bangko. At kung hindi man sapat iyon para sa abala, we’re ready to add five percent of the amount for settlement,” masiglang sagot nito. Excited si Eli habang nagsasalita about it kaya ganoon na lang ang pagkabigla nito when he just smirked at her. “Iyon lang ba ang kaya mong ibigay, Miss Cortez? For a property that has good potential, do you think tatanggapin ko ang kakarampot mong offer?” He clasped his palms and leaned his elbows sa mesa bago tumingin nang derecho sa dalaga.

“W-what?” Nanghihina, she was almost speechless sa narinig. Nilisan ng natitirang pag-asa ang mga mata ni Eli. Parang alam na nito ang susunod pang sasabihin ng lalaki.

“I’m sorry, Miss Cortez, but I don’t have plans of selling *Villa Isabelle* to you. I have enough riches to accept your petty offer,” pinal na sabi ni August.

Likod lang ng guwapong abogado ang nakita ni Eli as he faced the floor to ceiling window. Hirap huminga ang dalaga. Siguro dahil nakaka-intimidate ang kaguwapuhan ni August. Her chest was pounding because of him. O kaya naman dahil iyon sa walang balak ang binata na ipagbili ang property sa kanilang

magkakapatid. Nang maalala ang ancestral house ay natauhan si Eli sa segue ng takbo ng isipan nito. She desperately wanted the house back!

“Seriously, Mr. De Vera, you don’t know how important that house is sa aming magkakapatid. Please reconsider,” anito.

Napatayo na ang dalaga, hoping that she could reach this guy. Hindi niya ito nilingon kahit maiiyak na base sa pagak nitong boses.

“I’m sorry but I’m not reconsidering your offer. I’ve got plans for *Villa Isabelle*. And that’s final.”

“That’s bull. Kahit hindi ako negosyante, alam kong *Villa Isabelle* is not a wise investment. Unless you demolish the old house and build a new one, that is. Napakalayo n’un sa city proper. Ginawa ang bahay na iyon to serve as a sanctuary, a private one for a family who wanted to spend time together. C’mon, just accept my humble offer, Mr. De Vera,” giit ni Eli na piping nananalangin na mapapayag ang lalaki. Natakot na ito sa kalalabasan ng usapang iyon.

Lumington si August and smiled wryly. “Persistent, aren’t you?” he said mockingly.

Derechong napatingin sa kanya si Eli. “I am. And I will do anything to get that property back,”

matapang nitong deklarara.

Matagal na matamang tinitigan ni August ang dalaga bago ito sinagot. “You’re interesting, Architect Cortez. But that won’t change a thing. I will never give you *Villa Isabelle*.”

Napakagat-labi si Eli at pilit na pinigilan ang luhang nagbabadyang dumaloy sa mga mata niya. Gusto niyang malusaw. Tumayo na siya and dragged her feet hanggang sa exit.

Kasing-lamig ng boses ni August De Vera ang taglay na personalidad. Nakakainis. Pero hindi ininda iyon ng dalaga. Dahil buo ang loob ni Elizabeth Cortez na hindi tatanggihan ng batang abogado ang proposal niya. It was a total mistaken assumption. Kusa niyang nilisan ang opisina, nanghihina pa rin sa kinalabasan ng usapang iyon.

Nangingiting naiwan sa opisina niya si August. It was no wonder one of his friends had a crush on her. Maging ang personalidad ni Eli ay interesante. Para siyang nababato-balani kanina nang pakinggan niya itong magsalita.

Pretty face. Sexy voice. Interesting personality.

Naupo siya at nangalumbaba.

*Too bad you chose the wrong topic to start with, Eli Cortez, aniya sa sarili na nanatiling nakangiti.*

---

Three days after Eli's visit sa opisina ni August, muli niya itong pinuntahan. She was again hopeful na baka magbago ang isip ng lalaki dahil sa kakulitan niya. Malapad ang ngiti niya nang salubungin siya ng sekretarya nito. Ngunit ang huli naman ngayon ang nakasimangot nang makita siya. Panay ang sipat nito sa kabuuan niya na tila sinusuri ang bawat bahagi ng kanyang katawan. Gustuhin man niyang sitahin ito, nanatili siyang tahimik sa lobby ng opisina hanggang mamataan ang kapatid na kalalabas lang ng opisina nito. Agad siya nitong sinalubong.

“Akala ko ba palilipasin mo muna ang isang linggo bago ka reresbak?” nangingiting tanong ni Ria na tinabihan siya ng upo sa itim na sofa sa receiving area.

“You can't blame me. Ang bato kasi ng amo mo. Kung wala na talaga akong maisip na taktika, pipikutin ko iyan nang magkaroon na ako ng karapatan sa *Villa Isabelle*,” wala sa sariling saad niya, nagtirik pa ng mga mata.

Nangiti lang ang kapatid.

“Okay lang naman sa akin, ”Te, kung di na natin mabawi ang bahay. At kung malaman man ng kambal iyon, I’m sure okay lang din sa kanila. Ang mahalaga naman magkakasama tayo, di ba?” May himig ng pangngumbinsi sa boses nito na ikinabigla niya.

She was not expecting Ria to easily give up like that.

“Architect Cortez? You’re here—again?”

Sabay silang napatayo ni Ria nang marinig ang boses na iyon sa likuran niya. Napasinghap siya nang makita ang may-ari ng boses. Isang simpleng white shirt under a black blazer na pinares sa faded black jeans ang suot ni August. Ang presko nitong hitsura ang nagpadagdag sa karisma nitong animo nanglalamon nang buhay. Natameme silang pareho ng kapatid nang titigan sila ng lalaki. Naunang nakabawi si Ria.

“My sister came to talk to you again, Boss. Pagpasensyahan n’yo na ang kakulitan niya.”

Nagulat siya sa panglalaglag na iyon ni Ria. Tinapunan niya ng masamang tingin ang kapatid na noon ay di na makatingin sa kanya nang derecho. She then heard August sigh.

“Let’s get inside my office, Architect Cortez,”

anito na nauna nang pumasok sa opisina.

Nang tuluyan nang makapasok si August, kinurot ni Eli si Ria sa tagiliran sa inis. Napangisi lang ang huli bago siya bumuntot sa abogado.

Naabutan niyang naglalabas ng mga folders mula sa attaché case nito si August. Marahan niyang isinara ang pinto ng opisina bago humakbang papalapit sa table nito. Inilalabas ng binata ang mga kagamitan mula sa case nang matigilan ito at hinarap siya.

“Right. You came to talk about *Villa Isabelle*?”

“Y-yeah. Well, I’d like to propose another offer in exchange sa *Vil*—”

“It’s still a no. I hope this time, it’s clear,” putol nito sa anupamang sasabihin niya. Naupo na rin ito sa trono at sinimulang bulatlatin ang mga naka-pile na papeles sa mesa nito.

Agad tumubo ang sungay niya sa inis. Ni hindi man lang siya pinatapos sa kung anumang sasabihin niya.

“Reconsider it.”

“I won’t.”

“Why? *Villa Isabelle* is not a profitable property.

Minsan, naiisip ko na namemersonal ka na kaya hindi mo ako pinagbibigyan, eh!” nakasimangot na akusa ni Eli.

“Arrogant girl. Bakit naman kita pepersonalin? I don’t even know you.” Nakaarko ang isang kilay ng binata, amused na amused sa narinig. Tuloy, nagkainteres ito sa usapan.

“E-ewan ko! M-maybe you’re one of those guys na nabasted ko way back in high school, tapos nag-transform after a few years and then wanted to get even with me?” nag-aalangan niyang hirit.

Gusto niyang tumawa sa sinabi niya. Nasorpresa siya sa bilis niyang gumawa ng istorya! Narinig niyang tumawa ang lalaki. It was a manly laugh.

“Very cute. I don’t doubt the fact na may nabasted ka nga n’ung kabataan mo, but I’m not one of them. Hindi kita type, Architect Cortez,” tahasang saad nito bago ibinalik ang atensyon sa trabaho.

Daggers rained on Eli’s poise when he told her that. Napakagat-labi siya sa atake nito. Wala siyang maisip na pangontra rito. He shut her down with that one blow!

“And just so you know, hindi rin kita type, ’no. I hate boring, workaholic studs like you.” Halos



pabulong iyon kaya di niya inaasahang maririnig pa iyon ng lalaki.

“You called me a stud just now, didn’t you?” he teased with a naughty smile playing on his lips. He was enjoying it!

Nagngitngit si Eli sa inis.

Sasagutin pa sana niya ito nang katakut-takot na trash talk nang may pabalyang pumasok na babae sa opisina nito. Pareho silang nagulat sa pagsulpot ng bagong dating. Tiningnan itong mabuti ni Eli bago binalingan si August. Mas nagulat siya nang mamataan ang lalaki na tila natuka ng ahas.

Napakaganda ng babae na parang minsan na niyang nakita sa telebisyon. Her wavy hair was bouncy na abot hanggang baywang nito. May katangkaran din ito at halos buto’t balat na nga lang. Eli’s honeyed skin was nothing compared to the slim woman’s fair skin na parang porselana sa kaputian. No, it was unhealthily pale. Doon niya napagtanto na si Camila Kim ang kaharap niya. Napaatras siya. Isang sikat itong Korean-Filipina socialite na laging laman ng newspapaers and magazines for her romantic involvement sa kung sinu-sinong celebrities at business personalities. Ano ang ginagawa nito sa opisina ng abogado?

“August, Darling, I thought you left the country days ago? Pinagtataguan mo lang ba ako?” agad na akusa ng babae nang makaharap na ang binata. Her arms crossed her chest at masama ang loob na kinastigo nito ang abogado. Namumungay pa ang mga mata nito habang nakatitig sa lalaki.

Napangiwi si Eli. Nilingon niya si August upang tingnan kung ano ang reaksyon nito. At katulad niya, hindi rin yata nito nagustuhan ang pagpapa-cute na iyon ng babae.

“Camila, I’m not in the mood to talk to you. I’ll just call y—”

“Who’s this woman?” bulalas nito nang mamataan si Eli sa tabi.

Kulang na lang ay duruin siya nito. Kung hindi lang siguro siya mas abala sa pagkumbinsi kay August, pinatulan na niya ang babae. Napangisi siya.

“Please, I came here for business. And since yours is more urgent than mine, I guess I’ll just have to leave first,” deklara ni Eli na hinakbang na ang pinto. She was tiptoeing na para bang takot na makagawa ng ingay. But as she held the knob, a warm hand stopped her by the arm and pulled her.

Para siyang sumubsob sa pader nang hilahin siya

*The Perfect Alibi - Emma Scarlett*

---

nito pabalik. Her face landed on August's firm chest. Namilog ang mga mata niya when she felt his arm encircling her waist. Lalo siyang nalito nang maamoy ang pabango nito. It was mild, yet masculine, something a man must wore to seduce ladies into bed. She was dumbfounded all of a sudden. At nang makabawi, she found herself trapped in August's arms.

“Let's drop the act, Kitten. Malalaman at malalaman rin naman ni Camila ang tungkol sa atin. It's best that we personally inform her.” His sleazy eyes were on her nang tingalain niya ito sa tabi niya.

## 4

“Huh?” maang niyang tanong. Her innocent eyes searched for a sound answer sa mukha ng katabi.

“What’s that supposed to mean?” tanong ni Camila na pinasadahan sila ng tingin. Nagbabadya ang galit sa mukha at boses nito. Nakakuyom na ang isang kamay ni Camila na para bang may susuntukin ito sa malalaman. Napahigit ng hininga si Eli nang higitan ni August ang kapit sa kanyang kamay at baywang. It was sweet torture being this close to him! Gusto niyang magtitili sa sitwasyon pero paano kung salubungin siya ng galit ni Camila seeing them cuddle?

“Camila, I’d like you to meet my fiancée, Architect Elizabeth Cortez. “

“Ano?”

“What?”

Panabay na napabulalas sina Camila at Eli. Gilalas ang dalawa na tiningnan ang kalmanteng si August.

Nagpupumiglas si Eli na inilayo ang sarili

sa binata. Ngunit di siya nagtagumpay dahil mas malakas ito sa kanya. Ibinalik siya ng lalaki sa mga bisig nito na parang ahas kung makapulupot sa katawan niya.

“I can’t believe this! How could you choose such an unattractive woman to replace me?” nanggagalaiting tanong ni Camila na iwinaksi ang lahat ng gamit ni August na nakalatag sa mesa. Bumagsak lahat ng iyon sa sahig at gumawa ng ingay. Pareho silang natigilan.

“Kitten, she just called you unattractive,” August said. Pilyo ang ngiti ng binata habang pinagmamasdan ang namumulang mukha ni Eli.

She was flustered. Siniko niya ito sa tagiliran at tiningala. Bagama’t nakita niya ang pagngiwi nito sa sakit, nagawa pa rin niyang sumimangot. Iwinaksi niya ang braso nito.

“Narinig ko, inulit mo pa!” yamot niyang sabi bago hinarap ang babaeng naghuhurumentado. Magsasalita pa sana siya ngunit binara siya ng lalaking nakahawak pa rin sa baywang niya.

“I hope you understand, Camila. It was not my intention to hurt you. I just wanted to be vocal about my relationship with Eli. I know you’ll find someone better than me.”

“No! I don’t want anyone else. Just you, August. Please! Tell me this is just a lie, right? Right?” desperadang tanong ni Camila na inaabot ang braso ng dating nobyo. Napakapit ito sa lalaki at mangiyakngiyak na binalingan din siya ng tingin.

Eli guiltily lowered her head. Nalito siya. Gusto niyang isiwalat ang totoo and yet there was this feeling na parang ayaw niyang ma-disappoint si August. Sigurado siyang may katapat na rason iyon. She decided to keep her silence at hinintay na lamang ang susunod na sagutan ng dalawa.

“I’m sorry, Camila.”

“No! I won’t accept this! I’m getting you back, August! By hook or by crook, babalik ka sa akin!” galit nitong hiyaw bago tumakbo papalabas ng opisina. Dinig na dinig ng lahat ang mabibigat na hakbang ng modelo at ang malakas na tunog ng mga takong nito.

Nang makaalis si Camila, galit na kinompronta ni Eli ang lalaki.

“You just used me,” naiiling niyang sabi, pinagkrus ang magkabilang braso sa dibdib at hinintay ang magiging sagot ng binata.

“And for that, I am thankful, Miss Cortez. I have lots of things happening here at ayokong maistorbo

ng isang babaeng obsessed sa akin. It is indeed hard when you're this good-looking.”

Napaatras si Eli sa kaarogantehan nito. Ngunit di maikakaila that he was only stating the obvious. Pati nga siya ay apektado sa karisma ng lalaki, di ba? Para itong magnet kung makapick-up ng babae. Yes, obsession nga ang nakita niya sa nag-aapoy na mga ni Camila kani-kanina lang.

“Natahimik ka, Architect Cortez. Parang sumasang-ayon ka 'ata sa sinabi ko.” Amusement occupied his handsome face habang nakatunghay ito sa mukha niya. He looked really boyish habang nakatitig sa kanya.

Nag-init ang magkabila niyang pisngi. Bigla itong nangiti nang pamulahan siya ng mukha. She was caught off guard by that. Sa ngiting iyon, naglabasan ang magkabilang biloy ng binata na lalong nagpatingkad sa guwapo nitong mukha. Harmless itong tingnan kapag nasa ganoong mood. Napapiksi si Eli. Nagsisimula na siyang matakot sa damdaming nabubuhay sa loob niya. It was so strange that it made her so frustrated.

“I won't contest that, Mr. De Vera. Masyadong obvious para i-deny ko ang kaguwapuhan mo. But still, I deserve an explanation,” Eli insisted. It took

seconds bago siya nito sinagot.

“I believe I told you already. Camila was one of those girls who would do anything to own me. Introducing you as my fiancée was a way to shove her off kaya nagawa ko iyon. Iyon lang ang naisip kong paraan since you’re the only instrument present in my room. Don’t worry; I don’t intend to take things seriously with you. It was purely an alibi,” walang kabuhay-buhay nitong paliwanag.

“Wow, high ka rin sa kayabangan, ’noh? Instrumento? Ako? I’m a person, Mr. De Vera. Tao! Kung maka-categorize ka ng mga nasa paligid mo para kang diyos. Need I remind you, you’re still a helpless human. And a hopeless case, in fact. God! I can’t believe I’m actually talking to a cold-blooded brute,” irap ni Eli at dali-daling lumabas ng opisina nito.

Inabutan niya ang ilang empleyado ni August na nagkumpulan sa labas ng opsina nito. Tarantang nagsibalikan sa kanilang mga mesa ang iba nang lumabas siya. Pero hindi nakaligtas sa kanya ang mapanuring tingin ng mga ito. They seemed to have formulated a story base na rin sa paglabas ni Camila na umiiyak. Nanghihinang napabuntong-hininga si Eli. It was a bad day for her. She knew it. Kapag kasi



nakikipagkita siya kay August, sure hit, nasisira ang araw niya. What else was new?

---

“I knew it! You’re a sly one, Gusty! You pretended you don’t like her and yet you advanced to this stage! Play fair, Pare!” bulalas ni Jepoy, ang pinakabunso sa kanilang magkakaibigan, nang mapatawag ito sa kanya exactly eight a.m. in the morning.

Nasa lanai siya ng mansion ng mga De Vera when he received the call. Lumalamig na nga ang kape niya sa taas ng litanya ng kaibigan patungkol sa balita. Sinermonan siya ni Jepoy nang mabasa nito sa dyaryo ang ‘engagement’ niya with Architect Elizabeth Cortez. It was really entertaining to find his picture next to the pretty architect sa Lifestyle column ng isang sikat na dyaryo. Na-impress siya kung paano nakakuha ng litrato ni Eli ang gumawa ng artikulo. Kung sinuman ang nagkalat at nag-tip sa mga columnists, he or she deserved a sweet reward dahil umagang-umaga pa lang, abot-tainga na ang ngiti niya. Not only did he find a sound excuse to get rid of Camila, nagawa pa niyang inisin ang mga kaibigan. Inilapit niya pang lalo sa mukha ang hawak na dyaryo. Gusto niyang makita ang ngiting iyon ni Eli nang malapitan. Hers was the sweetest

smile he had ever seen. There was something in it na napapatulala siya. Matagal niyang pinagmasdan ang litrato ng babae bago sinagot ang mga paratang ng kaibigan.

“I’ll explain things to you in person. Just cool down, Brat,” nangingiti niyang sagot sa kabilang linya.

“Asshole!” iritableng sagot nito.

Jepoy was very childish. Tuluyang natawa si August sa tinuran nito. He was guessing na hindi lang iyon ang huling reklamong matatanggap niya ngayong araw.

Ang insidente kahapon started a very interesting plot na gusto niyang ma-enjoy habang pabor pa sa kanya ang pangyayari. Hindi siya ang nagkalat ng balita.

Nang ipakilala niya si Eli kay Camila as his fiancée, he didn’t intend to make it known to the public. Gusto lang niyang pansamantalang itaboy ang ex-girlfriend na noon ay talagang nagiging sakit na ng ulo niya. She’d been everywhere lately. At nakakairita na.

He stood from his seat at dinala sa bibig ang tasang laman ang lumamig na niyang kape.

Nakatingin siya sa malayo at natatawang iniisip ang kalokohang ginawa.

---

Halos umusok ang ilong ni Eli sa galit nang malaman ang tungkol sa balita. Kung puwede lang niyang sunugin lahat ng dyaryong makita niya, ginawa na niya. Kaso kumalat na ang chismis at para iyong epidemya na nagpasalin-salin sa kung kani-kanino. Nang isumbong iyon sa kanya ng mga kapatid, hindi na siya nagpatumpik-tumpik. Halos liparin niya ang opisina ni August upang komprontahin ito. Iyon nga lang, nang makarating siya roon, parang gusto na niyang pagsisihan ang pagpunta. Pinutakti ng mga reporters ang mismong bukana ng building kung nasaan ang opisina ni August. Ilang beses siyang napamura nang muntikan nang makita ng mga taga-media. Agad siyang nagtago sa kalapit na building at naghintay ng pagkakataong makapuslit papunta sa law firm. Lumala pang lalo ang inis na nararamdaman niya kay August. Hindi niya akalaing aabot sa ganitong sitwasyon ang pagsisinungaling nito. Pati siya ay nagugulo ang buhay! Nanggigigil siya. Gusto niyang kalbuhin ang binata. Pero paano niya gagawin iyon kung di nga niya magawang makapasok sa opisina nito nang di siya nakikilala ng mga reporters? Napabuntong-hininga siya sa pagkayamot. Babalik na

sana siya sa sariling sasakyan nang may isang bulto na basta na lang humarang at humila sa kanya.

“Pagpipiyestahan ka ng mga reporters na iyan kung makikita ka nilang aali-aligid sa opisina ng fiancée mo. “

Napasinghap siya nang mapagsino ang lalaki. Nang makabawi sa pagkabigla, galit niya itong kinuwelyuhan at isinandal sa pader. Kung di lang siya galit dito, she swore maa-appreciate niya talaga kung gaano ito kaguwapo sa suot nito. He looked tidy sa itim nitong leather jacket over a white printed shirt. August was disguised like a rock star suot ang vintage sunglasses and that playful grin on his face habang nakatingin sa kanya. Hinigpitan niya ang kapit sa T-shirt nito nang makabawi sa nadaramang kilig at para na rin ilabas ang panggigigil na nararamdaman.

“Look at what you did! Pati ako ay nadadamay sa kalokohan mo! You have to do something, or hindi ko alam kung ano ang puwede kong gawin sa 'yo,” she hissed. Nagulat siya dahil kaya pala niyang tagalan ang pakikipagtitigan sa binata.

But all he did was stare back at her habang pinagbabantaan niya ito. It somehow distracted her.

“Cologne, huh? Very arrogant, Architect Cortez.

When stunning women waste dimes for expensive fragrances, here you are, completely bewitching a man with just a spray of baby cologne and your natural baby-ish scent blending.”

Agad siyang pinamulahan ng pisngi. It was vaguely said kaya di siya sigurado kung papuri iyon o sarcasm. Pero di niya maikakailang madali siyang naapektuhan sa mga salitang iyon. Kinikilig siya when she was not supposed to feel elated. Mas malakas ang kabog ng puso niya kaysa normal lalo na nang abutin nito ang kamay niya.

“Let’s leave, Eli. “

Pagkasabi niyon, hinila siya nito patungo sa isang itim na two-seater *BMW*. At dahil hirap pang maka-recover sa gesture na iyon ng binata, nagpatangay si Eli rito at piping sumunod sa gusto nitong sumakay siya sa kotse. And before she realized, August was already putting her seatbelt on.

“S-saan tayo pupunta?” Her eyes were searching for answers sa guwapong mukha nito. It had become her habit to memorize the details of his face kapag hindi ito nakatingin sa kanya.

“Somewhere quiet. ’Yung tayong dalawa lang. We need to talk in private.” He grinned.

*The Perfect Alibi - Emma Scarlett*

---

Napalunok si Eli. Iba ang pumapasok sa isipan niya when she heard the words 'in private' and 'tayong dalawa lang'. Namangha siya nang kusang-loob siyang sumang-ayon sa lalaki. Nagpatangay siya rito like it was the most natural thing to do.